Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hunyo 18, 1990

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN
Blg. 68, s. 1990

PAGGAMIT NG PORMULARYO SERBISYO SIBIL (PSS) BLG. 33
(PAGHIRANG) BILANG OPISYAL NA PORMA SA LAHAT
NANG IPALALABAS NA PAGHIRANG

Sa: Mga Pangalawang Kalihim
Mga Kawaksing Kalihim
Mga Direktor ng Kawanihan/Ahensyang Pangkultural
Mga Direktor Panrehiyon
Mga Direktor ng Lingkuran at mga Puno ng Yunit
Mga Superintendente ng mga Paaralan
Mga Pangulo, Mga Kolehiyo at Unibersidad ng Pamahalaan
Mga Superintendente ng mga Paaralan
Mga Superintendente/Tagapangasiwa ng mga
Paaralang Bokasyonal

1. Kalakip nito ang isang kopya ng Memorandum Sirkular Blg. 24, s. 1990, ng Komisyon ng Serbisyo Sibil na nagtatakda ng pormularyo sa paghirang na gagamitin sa lahat ng opisina at ahensya ng pamahalaan simula sa Hulyo 1, 1990.

2. Ang Kautusang ito ay dapat ipagbigay-alam sa lahat ng kinauukulan ukol sa kanilang kabatiran at pagtalima.

(LGD.) ISIDRO D. CARINO
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1-2-3--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

APPOINTMENT, EMPLOYMENT, REAPPOINTMENT
BUREAUS & OFFICES

(Kalakip ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 68, s. 1990)

Republika ng Pilipinas
KOMISYON NG SERBISYO SIBIL
(Civil Service Commission)
Quezon City

MS Blg. <u>24</u> s. 1990

MEMORANDUM SIRKULAR

SA : LAHAT NG PUNO NG AHENSYA AT SANGAY NG PAMAHALAAN SA NASYONAL AT LOKAL MAGING MGA KORPORASYON NA PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO.

PAKSA : <u>Paggamit ng Pormularyo Serbisyo Sibil (PSS) Blg. 33 (Paghirang) Bilang Opisyal na Porma sa Lahat na Ipalalabas na Paghirang</u>

Ang kalakip na bagong Appointment Form o Pormularyo sa Paghirang ay pinagtibay ng Komisyon sa Serbisyo Sibil na siyang dapat gamitin ng lahat ng ahensya o opisina ng Pamahalaan simula sa Hulyo 1, 1990. Ito ay upang higit nating mapayaman at mapayabong ang Filipino bilang umiiral na wika sa ating bayan.

Inaasahan ang malawakang pagpapatupad nito sa panahong itinakda sa itaas.

(LGD.) PATRICIA A. STO. TOMAS
Tagapangulo

21 Mayo 1990

A true copy

PSS Blg. 33

Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
Maynila

______________________

______________________

______________________

______________________

Ginoo/Gng/Bb.:

Kayo ay na-appoint na ______________________ na may katayuang ______________ sa ______________________
(status) (ahenya)
sa pasahod na ______________________ piso (P__________) bawa't taon.

Ito'y magkakabisa simula sa ______________________.

Ang appointment na ito ay ______________________
(orihinal, promosyon, atbp.)
at ayon sa Aytem Blg. ____________, Pahina ____________ at ng General Appropriation Act ________ na may petsa ____________.

Sumasainyo,

______________________
Puno ng Tanggapan

[ ] Pinagtibay

[ ] Hindi Pinagtibay

Petsa ______________

______________________
Awtorisadong Opisyal
Komisyon ng Serbisyo Sibil

## MGA NOTASYON

*a. Pagkakabisa simula ______________________, ang petsa ng pagkakabisa ng eligibility ng na-appoint sa ilalim ng RA 1080/PD 997/PD 1408/RA 6850.*

*b. Magkakabisa simula ____________________, ang petsa ng pagkakalabas ng eligibility ng na-appoint.*

*k. Kung ang petsa ng pagkakabisa ay sa araw ng pagganap ng tungkulin, ang paghirang ay dapat ng magkabisa ng di-aaga sa __________________________, ang petsa kung kailan pinalabas ang appointment.*

*d. Ka-taning sa proyekto/panunungkulan sa _______________, maliban kung tinapos nang mas maaga.*

*e. Hindi angkop ang eligibility para sa posisyon.*

*h. Hindi kwalipikado ang na-appoint sa anumang pagsusulit na pang/serbisyo sibil.*

*i. Walang paunang-hatol sa huling resulta ng protesta na iniharap laban sa appointment na ito.*

*l. Sa kondisyong nasa ayos ang pagkakatiwalang sa tungkulin ng dating nanunungkulan.*

*m. Batay sa mga limitasyon ng Seksyon 57 ng EO 292.*

*n. Para sa mga posisyong walang plantilla, ang ______________ sa ___________________ sa pamamagitan ng ________________ indorsement ng CPCB na may petsa ______________ na kalakip sa pag-appoint kay ____________________________________*

*ng. Sa kondisyong walang anumang nabibinbing kasong administrado laban sa na-appoint na ito, o di kaya'y anumang hatol ng isang may kakayahang awtoridad na lubhang makakapagbago sa pagpapatibay sa appointment na ito.*

*o. (Iba pa).*

---

*ANUMANG BURA O PAGBABAGO SA AKSIYONG GINAWA NG KOMISYON NG SERBISYO SIBIL AY MAGPAPAWALANG-BISA SA PAGHIRANG NA ITO MALIBAM KUNG ANG PAGBABAGO AY NASUSULAT NA KINUMPIRMA NG L S S/KOMISYON.*

---